## BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?
## FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
### Lesson 6

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Maling Paniniwala Kontra COVID-19".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

| **Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 6** |
|---|
| Sources: Department of Health & ABS-CBN News |

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Kaloy ng Pasig.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, totoo po bang sa malamig na klima lang tumatagal ang coronavirus?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Kaloy!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

Sa totoo, ang dami ko nang nabasang tanong ukol sa COVID-19 na tulad ng iyo. ❓🦠

Ito ay ang mga sumusunod: 📃

Totoo bang sa malamig na klima lamang tumatagal ang coronavirus 🥶🦠 dahil namamatay ito sa mainit na araw ☀️❌🦠?

Ayon kay Dr. Edsel Maurice Salvana 👨⚕️, Infectious Disease Specialist, HINDI ❌, dahil may mga taong nagpositibo sa COVID-19 sa Middle East na may mainit na klima. 🥵🦠

Dagdag pa niya, ang pinagmumulan ng COVID-19 ay ang nalalanghap nating tumalsik na plema mula sa pag-ubo 🗣️, o sipon sa pagsinga. 😪

Ang pagkain ba ng saging ay nakakatulong sa pag-iwas sa COVID-19? 🍌❌🦠

Sabi ni OIC-Undersecretary of Health Ma. Rosario Vergeire 👩⚕️, HINDI ❌. Wala pang pag-aaral na nagpapatunay na ang saging ay mabisang pang-iwas sa COVID-19.

Ang pagmumumog ba ng maligamgam na tubig na may halong asin ay nakakapatay ng coronavirus? 🥛🧂❌🦠

HINDI ❌. Wala pang ebidensyang makakapagpatunay na ang pagmumumog ng tubig na may asin o ng suka ay nakakapatay ng coronavirus.

**IV.✊ HAMON**

Ating alalahanin ang mga paraan upang malaman kung totoo ba ang nababasa natin. ✔📄

1. Iberipika 🧐 natin kung tugma ang detalye ng teksto sa kasalukuyang pangyayari. (Huwag na nating balikan ang nakaraan 🔁✌).

2. Siguraduhin nating pumunta sa lehitimo at maaasahang website 🌐 o social media 💻 ng mga ahensya ng gobyerno:

-sa DOH ⚕
https://www.doh.gov.ph/2019-nCoV;

-sa Healthy Pilipinas
https://covid19.healthypilipinas.ph/;

-o di kaya'y sa WHO
https://www.who.int/emergencies/diseases/novel-coronavirus-2019/events-as-they-happen;

at ng mga dyaryo - Manila Bulletin, Rappler at iba pa para sa dagdag impormasyon sa COVID-19 sa loob at labas ng bansa. 📰🌍

3. At, tingnan kung nilathala ng awtor ang mga links na pinagbasehan ng teksto. 🧐📃

Sa panahon ngayon, hindi talaga natin maiiwasang maniwala sa mga nababasa nating artikulo online 💻📃 o mga natatanggap nating mensahe 📩, siguro dahil na rin sa pangamba na magkaroon ng COVID-19.

Sabi nga ng Department of Health ⚕, ang mga tsismis at fake news ❌📃 ay para ding virus, mabilis kumalat.

Kaya naman kapag may nai-share na "Fake News" ❌📃, burahin, i-delete ❌ at i-report ⛔ agad ang pinagmulan ng post.

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Tama o Mali. Sa malamig na klima lamang tumatagal ang coronavirus dahil namamatay ito sa mainit na araw.
🔎 Ano ang patunay mo rito?
🔎 Ano ang mga pinagmumulan ng COVID-19?
🔎 Tama o Mali. Ang pagkain po ba ng saging ay nakakatulong sa pag-iwas sa COVID-19.
🔎 Tama o Mali. Hindi nakakapatay ng coronavirus ang pagmumumog ng tubig na may asin.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita ulit tayo sa susunod para sa "Bata, may tanong ka ba tungkol sa COVID-19?" 👧🏻👦🏻❓

Maraming salamat sa pakikiisa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."